

Kuwento 7 : Reyna Ester

Talata sa Bibliya
[Ester 4:16b]

Pagkatapos, pupunta ako sa hari kahit ito'y labag sa batas, at kung dapat akong mamatay, ako nga ay mamamatay."



Ang buong bansa ay nasasabik sa balita na ang Hari ay pumipili ng bagong reyna.

Maraming magagandang babae na may magagandang kasuotan ang nagpunta sa palasyo.

Mayroong babaeng Israelita na nanggangalang Mordecai ang nasa palasyo na mayroong pinsan na may pangalang Ester.

Si Ester ay batang babae at maganda na inaalagan ni Mordecai tila kaniya itong sariling anak simula nang pumanaw ang mga magulang nito. Si Ester ay nakilahok sa proseso ng pagpili ng reyna.

Ang batang magandang babae ay tumayo sa harapan ng Hari. Biglang nagningning ang mga mata ng hari.

Nagustuhan ng Hari si Ester. Kaya naman, binigyan siya ng Hari ng korona sa kaniyang ulo.

Si Ester na ang hinirang na bagong reyna.

Ang Hari ay nagtalaga ng lalaki na nanggangalang Haman upang maging punong ministro nito.

Ang lahat ay yumukod kay Haman, ang bagong punong ministro.

Ngunit may isang tao na hindi yumukod kay Haman. Ang taong ito ay si Mordecai na siyang nag alaga kay Reyna Ester noong ito ay bata pa lamang. Si Mordecai ay yumuyukod lamang sa Panginoon.

Si Haman ay sobrang nagalit. Nalaman ni Haman na si Mordecai ay isang lingkod ng Diyos na galing sa Israel. Kaya gumawa siya ng plano.

Sinabi ni Haman sa Hari na ang lahat ng taong hindi susunod sa batas ng Hari ay papatayin.

Sinabi ni Haman ang balitang ito sa buong bansa. "Ang mga Israelita ay maaaring patayin at kunin ang kanilang mga ari-arian."

Ang mga Israelita ay nagalit at hindi sila kumain. Sa halip, pinunit nila ang kanilang mga damit at umiyak.

Si Mordecai ay umupo sa tapat ng pintuan ng palasyo at tumangis.

Ang Reynang si Ester ay nagulat ng marinig ang balitang ito.

Ngunit, si Ester ay lubhang natatakot na subukang baguhin ang utos ng Hari.

Siya ay lubusang nag aalala kaya pinadala niya ang kaniyang manggagawa kay Mordecai.



Sinabi ni Mordecai sa lingkod, "Sabihin sa kanya na siya ay tinawag upang maging reyna para sa mahihirap na oras tulad nito."

Sinabi ng manggagawa kay Reyna Ester ang sinabi ni Mordecai.

Sinagot ni Ester si Mordecai sa pamamagitan ng kaniyang manggagawa.

"Sabihin mo sa mga tao ng Israel na mag-ayuno at manalangin para sa akin sa loob ng tatlong araw.

Mag-aayuno din ako at magdarasal. Kapag ito ay tapos na, ako ay pupunta sa hari kahit na ito ay labag sa batas.

Kung mamatay ako, mamamatay ako."

Makalipas ang tatlong araw, ang Reynang Ester ay tumayo sa harap ng Hari. Nagagalak ang Hari na makita siya.

Sinabi ng Hari na kung gusto ni Ester ibibigay niya dito ang kalahati ng bansa.

Naghanda si Ester ng isang piging at hiniling sa hari na dumalo kasama si Haman.

Sa pag imbita ng Reyna, si Haman ay nagmataas.

Nasiyahan ang hari sa piging ni Ester at tinanong ang Reyna ng kanyang nais. Sinagot ni Ester ang Hari,

"Kamahalan, mangyaring iligtas ako at ang aking mga tao."

Sa wakas ay ibinitin si Haman sa bitayan na kanyang itinayo para kay Mordecai.

Nang malaman ng hari na matagal nang iniligtas ni Mordecai ang kanyang buhay, hinirang ng hari si Mordecai na maging bagong punong ministro. Si Reyna Ester ay gumawa ng isa pang kahilingan sa hari.

"Magpasulat ng isang utos na sumasalungat sa utos na patayin ang lahat ng mga tao ng Israel."

Ginawa ng hari ang lahat ng gusto ni Ester. Kaya't wala ni isang Israelita ang namatay.

Sa ganitong paraan, si Ester, na naging reyna, ay nanalangin sa Diyos at iniligtas ang lahat ng tao ng Israel.



Gawain 1.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Ano ang pangalan ng pinsan ni Mordecai?

b. Bakit hindi pumayag si Mordecai na siya ay yumukob?

c. Ilang araw nag ayuno si Ester at ang mga Israelita?

d. Ano ang ginawa ni Reyna Ester upang iligtas si Mordecai at ang mga Israelita?

● Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Ester 4:16b)

Pagkatapos, pupunta ako sa hari kahit ito'y labag sa batas, at kung dapat akong mamatay, ako nga ay mamamatay."

Gawain 2.

Hanap Salita: Hanapin ang mga salita sa hanap salita.

Xerxes, Ester, Haman, Mordecai, poste, pagpapala, babaeng katulong, piging, Hari, Hudio

K	X	G	P	I	G	I	N	G	P	X	Q	N	W	G
I	G	W	G	E	P	A	G	P	A	P	A	L	A	O
W	O	K	N	W	A	D	H	A	R	K	R	C	I	D
W	L	K	B	A	N	S	U	E	T	E	G	G	B	L
Z	A	P	O	S	T	E	T	I	M	N	F	K	R	O
X	E	R	X	E	S	T	Z	E	S	T	E	R	R	V
Q	P	K	D	P	U	H	U	D	I	O	V	Q	F	S
J	E	S	U	S	X	Q	D	P	B	K	C	Q	M	U
X	A	R	E	Q	M	W	D	L	K	P	S	K	V	S
C	X	Q	M	O	R	D	E	C	A	I	O	Q	Q	F
O	S	O	T	Z	D	V	Y	C	H	A	M	A	N	O
G	L	S	K	K	Y	C	C	K	J	A	E	T	T	R
B	A	B	A	E	N	G	K	A	T	U	L	O	N	G
U	N	J	F	H	A	R	I	L	A	O	W	F	Y	I